Buong-Tapang Niyang Ginawa ang Tama

Tagubilin: Gawin ito sa tahimik na lugar. Habang binabasa mo ang mga teksto, isipin mong naroroon ka. Ilarawan sa iyong isip ang eksena. Isipin mong naririnig mo sila. Damhin mo ang nadarama ng pangunahing mga tauhan. Gawing buháy na buháy sa iyong isipan ang kuwento.

Pangunahing mga tauhan: Baruc, Jeremias, at mga prinsipe ng Juda

Sumaryo: Isinulat ni Baruc ang mga salita ni Jeremias at binasa ito nang malakas sa mga prinsipe ng Juda.

1 PAG-ISIPAN ANG EKSENA.—BASAHIN ANG JEREMIAS 36:4-32.

Ilarawan ang iniisip mong hitsura ng ‘silid-kainan ng kalihim, kung saan nakaupo ang lahat ng mga prinsipe.’

Ano kaya ang nadarama ni Baruc habang binabasa niya nang malakas sa mga prinsipe ang mga salita ni Jeremias?

Ano kaya ang tono ng boses ng mga prinsipe nang magsalita sila kay Baruc sa talata 16-19?

2 PAG-ARALANG MABUTI.

Gaano kaya kahirap para kay Baruc na isulat ang mga salita ni Jeremias “sa balumbon ng aklat”—hindi lang minsan, kundi makalawang beses? (Clue: *Basahing muli ang Jeremias 36:4, 32.*)

Bakit kaya nag-alinlangan si Baruc na isulat ang hula ni Jeremias at basahin ito nang malakas? (Basahin ang Jeremias 26:8.)

Bakit gusto pa rin ni Jeremias na basahin ni Baruc nang malakas ang hula, kahit maraming taon na itong sinasabi ni Jeremias sa mga tao? (Clue: *Basahing muli ang Jeremias 36:7.*)

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 GAMITIN ANG IYONG NATUTUHAN.

Isulat ang iyong natutuhan tungkol . . .

Sa dahilan kung bakit kailangan ng mga mananamba ng Diyos ang lakas ng loob.

Sa pagbibigay ng Diyos na Jehova ng gantimpala sa mga buong-tapang na gumagawa ng tama.

4 TANUNGIN ANG SARILI:

Sa anong mga sitwasyon ko mas kailangan ang lakas ng loob para magawa ang tama?

Kapag nahihiya ako o natatakot, ano ang puwede kong gawin para lumakas ang loob ko? (Basahin ang Filipos 4:6, 7.)

Anong aral sa kuwentong ito ang pinakamahalaga sa iyo, at bakit?

Mungkahi: Gawing balita ang kuwentong ito at interbyuhin kunwari ang mga pangunahing tauhan at saksi.



JW.ORG™

I-download at i-print ang PDF na ito sa www.jw.org/tl

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania